

1

Inilagay ng quince años na dalagita ang berdeng laso sa kanyang buhok habang tinitingnan ang sarili sa salamin na nasa maliit na kuwarto. Marami ang nagsabing napakaganda ng kanyang buhok dahil napakaitim, napakaunat, napakahaba at napakalusog niyon. Kumikinang ito kapag nasikatan ng araw at kapag liparin ng hangin ay isang suklay lang niya ng daliri ang kailangan para maibalik uli sa ayos. Napangiti siya nang masiyahan sa kanyang hitsura habang suot ang berdeng damit na hindi kumasya kay Ma'am Feliciano.

Nakatira siya sa mansyon na nakatayo sa gitna ng *Hacienda Marcelino* at ang kanyang maliit na kuwarto ay nasa gawi malapit sa kusina. Hindi siya anak ng may-ari kundi isang scholar na pinapagaral ng mayamang pamilya. Ang mga Marcelino ang kanyang benefactor. Patay na ang señora ng hacienda na si Agnes, nakaratay naman ang may-ari na si Don Domeng Marcelino kaya ang kapatid ng señora na si Ma'am Feliciano ang namamahala ng estado hanggang sa makatapos ng Abogasya sa Britanya ang anak ni Don Domeng na si Nelson.

Walong taon si Anita noon nang kinausap ni Ma'am Feliciano ang kanyang 'Nay Isay na kukunin siya nito bilang scholar. Nakita kasi siya nitong nakikipaglaro sa pamangking si Keith, ang bunso sa dalawang anak ni Don Domeng—sa maisan at sa ilog doon sa dulo. Sa mansyon na siya tumira pagkatapos noon para maging utusan at manika ni Ma'am Feliciano.

Matandang dalaga kasi ito at lahat ng pamangkin ay lalaki, kaya nangangarap ng anak na babae. Mabait naman ito kaso minsan ay para itong isang baliw. At tumitindi ang ganoong ugali ng matanda tuwing kaarawan nitong ikalabing-apat ng Pebrero. Marami itong gimmick kapag Araw ng mga Puso. Paborito nito ang maglarong Cupido, pero kahit minsan ay wala itong naipagtagpong mga puso. Subalit hindi ito nawawalan ng pananalig na darating ang araw na may puso rin itong maipagbubuklod. Sino ang makapagsasabi at baka ngayong gabi na iyon mangyayari?

“Anita, gumawa ka ng love letter mo, ha!” sabi ni Ma'am Feliciano sa kanya nang papalabas siya ng kusina para makigulo sa mga tauhang naghahanda ng pagkain. Ang gulo ng silid sa mga bumabagting na kawali at sandok, ang bango ng mga bawang at sibuyas na niluluto sa mantika at sa pidada na

nilalagay sa mga karne at tomato sauce. Pagtingin niya sa nakabukas na pinto patungo sa likod-bahay, nakita niya roon ang limang baboy na nililitson. Ganoon kagara si Ma'am Feliciana na magpahanda ng kasayahan.

“Ang lahat ay dapat may love letter. Kapag walang love letter, hindi makakapasok,” patuloy ng amo.

“Gagawa po ng love letter lahat, Ma'am!” sagot niya. “Limang baboy ang pinalitson n'yo kaya lahat gagawa ng love letter para lang makikain ngayon sa mansyon.”

Napahagikgik ang matandang dalaga. “Kaya nga dinamihan ko ng litson para mas marami ang dadalo. Ang plano ko kasi, babasahin ko ang lahat ng love letters, 'tapos ibibigay ko iyon sa kung sino sa tingin ko ang babagay sa kanya.”

Sasabihin sana ni Anita rito na kay Josh Gatchalian ibigay ang kanyang sulat kaso nakaramdam siya ng hiya. Wala kasi siyang pinagsabihan na crush niya ang labing-anim na taong gulang na binatilyo na isa sa pitong pamangking lalaki ni Ma'am Feliciana. Pinaaral din kasi siya ng amo sa Catholic school sa poblacion kung saan graduating si Josh, at ngayong paparating na katapusan ng buwan ay may Juniors-Seniors Prom sila. Hindi niya alam kung may nakuha

Dear James Dean - Sefah Mil

nang date ang lalaki. At gusto niya sanang siya ang imbitahin nito.

May naisip siyang ideya. Bakit hindi niya imbitahin ang lalaki sa sulat? Malay niya at kay Josh nga iyon ibigay ni Ma'am Feliciana at umepekto.

Dahil na-excite sa naiisip, bumalik siya sa kanyang kuwarto at nagsulat sa papel.

February 14, 2000

Dear Anonymous,

Alam mo bang palagi kitang iniisip? Sa paggising ko ay ikaw ang laman ng utak ko, sa pagkain ng agahan, sa pagsipilyo, sa pagligo, sa school, sa pag-uwi, sa pagdilig ng mga halaman, sa tuwing pinapagalitan ni Ma'am Feliciana at sa tuwing pagbunot ng mga puting buhok niya. Sana ako na lang ang maging ka-date mo sa JS Prom ngayong February 28.

Sincerely yours,

Taka

Wala kasi siyang maisip na pen name kaya

'Taka' na lang. Iyon ang paboritong tukso sa kanya ng lahat dahil noong bata pa siya ay parang taka siya kung makaakyat sa mga kahoy. Ang taka ay isang klase ng bubuli. Ayaw naman niyang pahirapan si Josh kung matanggap nito ang sulat para malaman na nito kaagad na sa kanya iyon nanggaling.

Nang natapos ang sulat, nilagay niya ito sa pink na sobre at lumabas sa hardin. Kasalukuyang tinatapos ng set decorator ang pag-aayos doon upang ito ay maging mas romantiko. Naglagay pa ng maraming bouquet ng pink na rosas sa mga sulok-sulok at pink na ilaw sa bawat gilid. Ang mga kahoy ay binalot sa Christmas lights at maraming bilog na capiz na may ilaw sa loob ang pinalambitin sa mga sanga ng apat na puno ng acacia na nakapalibot sa hardin. Nagmistula talagang kaharian ng mga engkantada ang lugar.

Nang eksakto alas seis y media ay nag-umpisang tumugtog ng balse ang orkestra na nakapuwesto sa isang bahagi ng hardin. Nagsidatingan na din ang mga bisita. Masaya niyang binati ang mga ito.

"Ang ganda-ganda naman ni Anita," bati sa kanya ng mga bisita, sabay haplos sa kanyang buhok.

"Salamat," sagot niya, sabay turo kung saan ang lamesa ng mga ito.

Kinakausap niya ang may-ari ng bakery sa bayan nang dumating ang dalawang pamangkin ni Ma'am Feliciano na sina Armand at Miguel Suarez kasama ang girlfriend ng una. Anak ito ng pinaslang na dating gobernador ng probinsya at dahil ulila na sa mga magulang, ang kaban ng mga Marcelino ang nagpapaaral sa mga ito.

“Anong drama na naman 'to?” narinig ni Anita na sabi ni Armand. Sa lahat ng mga pamangkin, ito ang may pinakamasamang ugali. Naninirahan ang mga ito sa Maynila, at kaninang umaga lang nakarating sa kanilang bayan ng Salvacion. Tumutuloy ang mga ito sa bahay ng isang lola kapag nasa bayan, pero palaging binibisita si Ma'am Feliciano kung ayaw nilang mawalan ng sustento.

“Ano pa ba, eh, di kalokahan!” sagot ni Miguel. Mahilig talagang alilain ng dalawa si Ma'am Feliciano kahit ba ang matandang dalaga ang nagbubuhay sa kanila. Mabuti nga at binibigyan sila ng sustento kahit wala silang hati sa hacienda dahil ang siste kasi, hindi naman sa pamilya ni Ma'am Feliciano ang pagmamay-ari ng hacienda. Nasa pangalan iyon ni Don Domeng at ng asawa nitong si Doña Agnes; kamag-anak ng mga ito ang mag-asawa.

Pasalamat nga ang dalawa dahil palagi silang

pinagpapasensyahan ng kanyang amo dahil kung si Nelson na ang hahawak ng hacienda, siguradong matatapos na ang kanilang mga kaluhuan sa katawan. Beinte-cuatro na si Nelson, napakaistrikto at kuripot; isang taon na lang at matatapos na ito sa pag-aaral ng Abogasya. Ginagawa nito sa ngayon ang thesis nito sa Singapore at dahil malapit lang ang naturang bansa, sumaglit ito para mabisita ang tiyahing nagpalaki sa kanila. Dumating ito kanina at dumerecho sa kuwarto nito para matulog.

Pinadala nga nito sa kuwarto niya kanina ang pasalubong nitong *Nike shoes*. Kakaiba nga ang binata dahil ni minsan ay hindi nito iniabot sa kanya nang personal ang mga pasalubong. Palagi nitong ipinabibigay sa katulong upang matanggap niya.

Takot nga siya sa kanyang Kuya Nelson kapag nasa mansyon ito dahil napakatahimik at ang seryoso pa na parang si Don Domeng. Kahit nga ang mga pinsan nito ay takot gumalaw kapag nasa paligid ito. Para itong uwak kung magmasid ng mga nangyayari sa paligid. Pero ito ang pinakapaboritong pamangkin ni Ma'am Feliciano dahil si Nelson ang pinakamagalang sa magpipinsan at pinakamatalino.

Hindi nagtagal ay dumating ang pamilya Gatchalian at halos mawindang sa kilig si Anita

Dear James Dean - Sefah Mil

nang makita si Josh. Sa lahat ng magpipinsan ay ito talaga ang may hitsura dahil nga mas mestizo ang pamilya nito, ngunit hindi nga lang kasing-yaman nina Nelson. Ang ama ng mga ito na abogado ang kapatid ni Ma'am Feliciana. Tatlong magkakapatid ang mga Gatchalian—si Jake, si Nathan at si Josh na siyang bunso. May asawa na si Jake, si Nathan naman ay single pa at natsitsismis na bakla. Si Josh ay nasa high school pa rin.

Hinawakan niya ang sulat na nasa kanyang bulsa at nag-usal ng munting panalangin. *Sana kay Josh ka mapunta, hinding-hindi kay Armand o kay Miguel. Medyo okay kung kay Keith. Masyado naman akong mapangarapin kung kay Kuya Nelson. Never kay Nathan dahil mas malandi pa sa akin 'yon. At sana mawala ka na lang kung sa mga trabahador ka mapadpad. Napangiti siya sa naging panalangin. Ambisyosa siya! Mga trabahador ang ka-level niya, pero magpipinsan ang kanyang pinupuntirya. Pero sana naman, God, kay Josh talaga ito mapunta.*

Parang paruparo na nakipaghalubilo si Ma'am Feliciana sa lahat ng mga panauhin. At halos hindi mamayaw ang tuwa nito nang inilabas ang dalawang malalaking karton kung saan nila ihuhulog ang mga sulat. Ipinalagay nito iyon sa gitna at unang pinatayo ang mga dalaga. Nakipila naman si Anita

Dear James Dean - Sefah Mil

sa mahabang linya at nang oras na siya na ang maghuhulog ng sulat, nag-usal uli siya ng panalangin na kay Josh sana mapunta ang liham niyang ibibigay ni Ma'am Feliciano.

Ang sunod na pinatayo ay ang mga binata. Halos hindi na maalis ang pagtitig ni Anita sa pagtayo ni Josh at sa pagpunta nito sa pila. Medyo kuba ito, pero okay na rin, ma-appeal pa rin tingnan. Matangkad pero hindi kasing-tangkad ng magkapatid na Marcelino. Si Nelson na pinakahuli sa pila ay ang tayog tingnan kumpara sa mga ibang nakapilang binata.

Nang nahulog ang lahat ng mga sulat ay nagpalit ng musika ang orkestra. Kung kanina ay balse, ngayon salsa at mambo. Niyaya ng mga binata na sumayaw ang mga dalaga. Tingin nang tingin si Anita sa lamesa ni Josh, ngunit wala yatang balak na tumayo ang binata. Nangalumbaba lang ito sa mesa. Nalungkot naman siya. Siguradong ang sarap ng pakiramdam na kasayaw nito.

“Anita, gusto mong sumayaw?” tawag ng mahinang boses sa gilid. Si Keith iyon at walang emosyon itong nakatitig sa kanya. Kaedad ito ni Josh, ngunit sa Maynila nag-aaral at isinama ni Nelson para makadalo sa pagtitipon.

“Sige.” Tumayo siya at sumama rito sa dance

floor. May hitsura naman ang lalaki, ngunit ang hindi lang maganda rito ay isa itong mama's boy. Tama ang sinabi ni Nelson na masyadong ini-spoil nina Don Domeng at Doña Agnes pati ni Ma'am Feliciano si Keith kaya medyo mahina ang personalidad, hindi tulad ng kuya nito. Habang sumasayaw, wala man lang itong nasambit na isang salita. Basta isinayaw lang siya at nang natapos ang musika ay basta rin lang siyang ibinalik sa upuan.

“Ano 'yon?” tanong niya kay Alok.

Napatawa ang kanyang kaibigan. “Kaluluwang ligaw! Baka may crush sa iyo.”

“Ikaw naman.”

Natahimik sila nang tumigil ang orkestra sa pagtugtog at pumagitna si Ma'am Feliciano para umawit ng nakakabagbag-damdaming *Speak Softly Love*. Napapapikit pa ito at napapasayaw ng kamay sa hangin.

“Ang lukaret!” patuloy ni Akang.

Pinatahimik niya ito. Paborito kasi minsang puntiryahin si Ma'am Feliciano pati ng mga tauhan ng hacienda dahil nga kakaiba ang mga gimmicks nito. Noong nagdaang Valentine's Day ay pinosasan nito ang mga dalaga at mga binata na sa tingin nito

Dear James Dean - Sefah Mil

ay bagay. Wala namang nangyaring maganda. Imbis na madagdagan ang love birds sa kanilang lugar, mas marami pang kasintahan ang nag-away dahil nga napareha sa iba. Kung hindi lang sa bumabahang pagkain, walang dadalo para makisalo sa mga gimmicks nito.

Ang mga sulat ay hindi raw ipamimigay ngayong gabi dahil babasahin pa ni Feliciana bago ipamimigay. Hindi nga niya maintindihan ang matandang ito. Naglalaway talagang makabasa ng mga love letters. Natapos na lang nila ang gabi na pulos kainan at sayawan.

Si Anita ay halos hindi man lang naalis ang tingin kay Josh kahit sandali lang. Nang maagang umalis ang pamilya nito ay tila nabagsakan siya ng langit at parang natapos na rin ang gabi. Gusto niya sanang matulog kaso kailangan niya pang mag-ayos ng mga kalat mamaya.

Kinaumagahan habang tumutulong sa kusinerang si Goming sa paghahanda ng lulutuin para sa pananghalian, inabot sa kanya ni Ma'am Feliciana ang isang sobre.

“Dahil bata ka pa kaya ibibigay ko ito sa 'yo.” At

Dear James Dean - Sefah Mil

umalis na rin ito sa kusina.

Kaagad niyang binuksan ang sobre para mabasa ang laman. Pigil ang kanyang hininga na sana kay Josh nanggaling iyon.

Hi, Beautiful!

James Dean

Umaasa talaga siya na mas mahabang sulat ang mababasa. Dalawang salita lang at computerized pa. Pinunit niya ang kalahati ng bond paper at sinulatan.

February 15, 2000

Dear James Dean,

Beautiful ka d'yan! Sana hinabaan mo naman nang kahit kaunti ang sulat para ma-enjoy ako sa pagbabasa.

Hugz,

Taka

Dear James Dean - Sefah Mil

Binigay niya ito kay Ma'am Feliciano. Nang hapon ay may ibinigay muli itong sulat.

February 15, 2000

Taka,

Kamusta ang JS? Nakabili ka na ng damit?

James Dean

Halos hindi siya makahinga. Interesado sa dadaluhan niyang JS Prom ang pinagbigyan ng sulat. Isa lang ang puwedeng maging interesado roon—si Josh dahil ito lang ang kasama niyang nag-aaral sa *St. Andrew Institute* at ang JS Prom ay exclusive lang sa kanilang mga mag-aaral doon. Dali-dali siyang nagbihis at sumakay ng tricycle papuntang bayan para bumili ng napakabangong pink stationery at ballpen.

February 15, 2000

Dear James Dean,

Meron na. 'Yong itim na gown ni Ma'am

Dear James Dean - Sefah Mil

Feliciana. Ito 'yong sinuot niya sa 50th wedding anniversary nina G. at Gng. Santos. Ikaw, meron ka nang damit?

Meron ka na bang niyayang ka-date? :))

Hugz,

Taka

Nang maisip ang gown na susuotin ay nalungkot ang dalagita. Mukha kasi siyang losyang sa gown na iyon, pero siyempre hindi siya makapili dahil wala ngang pambili ang nanay niya at nakakahiya namang mag-demand kay Ma'am Feliciana.

Kinagabihan ay pinatawag siya ng amo sa study ng mansyon at sinabihang maghanda dahil pupunta sila ng Maynila bukas ng Sabado. Sumabay sila kina Nelson at Keith na lumuwas at dumerecho sila sa condo unit ng mga ito sa Alabang. At dahil sasamahan ng matanda si Keith sa dentista, si Nelson ang nagdala sa kanya sa mall para makapili ng gown.

Masaya na sana siya dahil isinama siya ni Ma'am Feliciana sa Maynila at nakasakay pa siya sa eroplano sa unang pagkakataon, pero dahil si Sir Nelson ang nakasama sa shopping ay nabawasan ang kanyang

tuwa. Hindi tuloy siya makapili nang husto ng damit. Gustuhin man niyang sukatin ang lahat ng damit na naka-display ay nakakahiya namang paghintayin ito. Umupo lang ang lalaki sa isang upuan sa gilid at tahimik na tumitig sa kanyang mga galaw.

“Ah... magkano po ang budget?” tanong niya rito. Tiningnan niya ang price tags, mga dalawang libo ang pinakamura.

“Pumili ka ng babagay sa 'yo,” sabi nito sa mababa ngunit malambing na boses.

Sinabi mo 'yan, ha! aniya sa isip. Dahil doon, kinuha niya ang orange gown na tig-anim na libo. Wala namang nireklamo ang lalaki nang pinakita niya ang presyo. Ibinigay nito ang credit card sa counter. Dumaan pa sila sa shoe store upang makabili ng sapatos na pangterno sa damit. Bumili pa sila ng school supplies sa *National Book Store* kahit patapos na ang klase. Binilhan din siya nito ng isang box ng *Krispy Kreme Donuts* at ice cream nang pauwi sila.

Malapad tuloy ang ngiti niya nang nakabalik na sila sa condo unit ng mga Marcelino at medyo gumaan ang loob niya sa binata. Ngayon lang kasi niya ito nakasama nang matagal.

Pagkabalik nilang dalawa ni Ma'am Feliciano

Dear James Dean - Sefah Mil

sa *Hacienda Marcelino*, ang dami niyang dala. Nilalabhan niya ang bagong biling gown nang iniabot ng matandang babae ang isang sulat.

February 18, 2000

Taka,

Susunuin kita ng alas seis d'yan sa mansyon para sa JS Prom.

James Dean

Halos himatayin si Anita! Ang ganda na nga ng gown at sapatos niya, pagkatapos si Josh pa ang kanyang magiging... date! Binigyan nga siya ni Nelson ng isang libo kaya nakausap niya ang baklang nag-aayos sa mga kandidata ng kanilang bayan sa taunang beauty pageant na ayusan siya sa February 28. Ang bongga ng kanyang magiging JS Prom!

Kaagad siyang sumagot sa sulat ni James Dean.

February 18, 2000

Dear James Dean,

Excited po. Sobra! I'll wait for you on Feb. 28.

Dear James Dean - Sefah Mil

Belated Happy Valentine's Day pala.

Hugz,

Taka

Ang nakakapanibago lang sa lahat ay iyong kapag makasalubong niya sa *St. Andrew Institute* si Josh ay hindi man lang ito napatingin sa kanyang direksyon. Minsan, habang papalabas ng gate ang binata kasama ang barkada, hinabol niya ito.

“Josh, kinakamusta ka ni Ma’am Felicianana.”

Tumigil naman ang binatilyo sa paglakad at tumango sa kanya, pero hinabol muli nito ang mga kabarkada. Minsan naman nang kumakain itong mag-isa sa kantina, lumapit siya rito at nagtanong kung walang nakaupo sa mga ekstrang upuan dahil kakain din siya.

“Yong mga kaklase ko kasi paparating din,” sagot nito.

Namula tuloy siya at dali-daling nagpaalam.

Naguguluhan siya kung sino talaga ang nagsusulat sa kanya. Isa lang ang puwedeng sumundo at maging date niya—si Josh dahil nga ito lang sa magpipinsan

Dear James Dean - Sefah Mil

ang nag-iisang lalaking nag-aaral sa *St. Andrew Institute*.

Nakasalubong niya uli ito sa lobby at babatiin niya sana nang binigyan siya nito ng isang masamang tingin. Nahiwagaan siya roon at nasaktan. Malungkot tuloy siya nang umuwi. Napasulat siya.

February 23, 2000

Dear James Dean,

Bakit ang sama ng tingin mo kanina?

Hugz,

Taka

Nang sumunod na araw, masama pa rin ang tingin ni Josh sa kanya, pero pagkatapos ng tatlong araw, nagbigay ito ng simpleng ngiti sa kanya nang nagkasalubong sila sa lobby. Siguro nang nagdaang araw lang binigay ni Ma'am Feliciano ang sulat dito. Pero bakit parang pilit ang ngiti? Ang hirap talagang intindihin ang utak ng mga lalaki!

Pagdating ng katapusan ng Pebrero, ala una pa lang ng hapon ay nakipila na siya at ang

nanay niya sa parlor ng baklang si Romeo para magpaayos. Kailangan niyang maging napakaganda dahil may tatanghaling Prom Queen at Prom King.

“Naku, Isay, lalong gumaganda ’yang anak mo habang lumalaki,” sabi ng magsasakang kasali sa grupong nag-uumpukan sa lilim ng acacia na nasa labas lang ng mansyon nang pababa sila ng tricycle.

“Paligaw ko ’yan sa anak ko, Isay,” anang isa.

“Aral muna,” sabi ng nanay niya habang papasok sila sa gate.

Pati ang mga katulong sa loob ay hindi maawat sa papuri kay Anita pagkakita sa kanya.

“Anita, hindi talaga maawat ang pagganda mo habang lumalaki ka,” sabi ni Kusinera Goming.

“Salamat,” sabi niya rito, sabay bigay ng yakap.

Nang nandoon na siya sa kuwarto niya malapit sa kusina at sinusuot ang orange gown, kumatok at pumasok si Ma’am Feliciana para ibigay ang sulat. Minsan, nahihiwagaan siya rito. Hindi ito nakikilig na nagbibigayan sila ng sulat ni James Dean. Siguro nalulungkot lang ito na sa dami nitong pinakain noong Valentine’s Day ay mukhang silang dalawa lang ni James Dean ang nagseryoso sa laro nito.

Dear James Dean - Sefah Mil

February 28, 2000

Hi, Taka!

Enjoy your JS Prom!

James Dean

Nae-excite siya na natatakot sa kung sino ang susundo sa kanya para sa pagtitipon na iyon sa kanilang paaralan. Si Josh lang ang puwede, pero bakit parang wala sa loob ng binata? Pagkatapos na maisuot ang mga alahas na pinahiram sa kanya ni Ma'am Feliciana, pumunta siya sa bulwagan at doon ay nakita niyang naghihintay ang lahat ng mga katulong sa bahay para makita ang kanyang hitsura.

At isang di-inaasahang bisita ang napansin niya—si Armand. Nakasandig ang katawan nito sa dingding at tahimik lang na nakatingin sa kanya. Bakit kaya ito nakasuot ng long-sleeved shirt? Pero iyon naman ang sinusuot nito minsan. Sana hindi ang lalaking ito si James Dean dahil masisira ang gabi niya.

“Beautiful!” bulalas ni Ma'am Feliciana nang makita siya nito. Humalik ito sa kanyang pisngi nang makalapit. Gusto niya sanang tanungin ang

matandang dalaga kung sino ang magiging ka-date niya ngayon ngunit nahihiya siya. Tumingin siya kay Armand sa takot na baka ito si James Dean, ngunit hindi ito lumapit.

“Nas’an na si Josh?” malakas na tanong ng amo sa mga katulong. Tila gustong himatayin si Anita. Si Josh ba ang magiging ka-date niya?

Pumasok ang lalaking hinahanap sa entrada ng mansyon; nakasuot ito ng puting tuxedo at may hawak na isang rosas sa kamay. Lumapit ito sa kanya at ibinigay ang bulaklak.

“Salamat,” sabi niya, sabay bigay ng malapad na ngiti. Parang ta-tumbling siya sa tuwa. Si Josh si James Dean!

“Are you really James Dean, Josh?” tanong ng papalapit na si Armand sa kanila. Mag-uumpisa na naman ito ng away. Wala na talagang sasama pa sa ugali ng isang ito. “Well, gumaganda ka, Annie.”

Natigilan siya sa huling sinabi nito dahil hindi nito ugali ang magbigay ng papuri sa tao. “Salamat,” ang kanyang munting sagot.

“Of course, he’s James Dean,” sabi ni Ma’am Feliciano, sabay bigay ng masamang tingin kay Armand. Inayos nito ang buhok ni Josh at iginiya

silang dalawa palabas ng mansyon, papunta sa kotse. “Enjoy, Sweeties!”

Halos hindi makagalaw si Anita sa loob ng sasakyan habang katabi si Josh. Napapatingin din sa kanya ang lalaki at ilang beses na ring ngumiti sa kanya. Iyong hindi pilit na ngiti.

“You’re so beautiful tonight, Anita. Nakakapanibago.” At sa hindi inaasahan, hinaplos ng hintuturo nito ang balikat niya. Hindi niya alam ang magiging reaksyon. Napangiti na lang siya.

Pagdating nila sa *St. Andrew Institute* ay asikasong-asikaso siya ng binatilyo. Malugod siya nitong inalalayan na bumaba ng sasakyan at pumanhik sa quadrangle kung saan ginaganap ang JS Prom. Umiilaw ang disco lights at nagkalat ang mga mesa at upuan. Nakiupo sila sa mesa kasama ang mga kabarkada ni Josh.

“Ang ganda ng gown mo, Annie. Saan mo nabili?” tanong ni Erna. Anak ito ng kanilang alkalde at kate date ng kaibigan ni Josh na si Miko.

Ikinuwento niya rito na si Sir Nelson ang bumili sa kanya ng gown. Napatango naman ang babae dahil kaibigan ni Nelson ang daddy nito.

Nang tumugtog ang isang romantic ballad,

tumayo sila ni Josh sa dance floor para makisayaw sa ibang mga kapareha.

“I’m so lucky tonight,” sabi nito. “I got the most beautiful date.”

Ang laki-laki na ng tainga niya dahil halos hindi na tumigil si Josh sa kasasabing ang ganda niya ngayong gabi. Pero hindi lang iyon ang halos magpatalon sa kanya. Nang tinawag ang pangalan ng hinirang na Prom Queen, Anita Domingo ang sinambit ng host.

“I’m so proud of you,” sabi ni Josh, sabay halik sa pisngi niya.

Nang nasa gitna na at nakoronahan, inasahan niyang si Josh ang magiging Prom King, ngunit pangalan ni Miko ang tinawag kaya ito ang naka-royal dance niya. Pero okay na rin dahil nang matapos silang sumayaw ay nakapareha niya muli sa pagsayaw sa lahat ng tugtog si Josh.

Natapos ang pagtitipon ng alas doce at maingat siya nitong inalalayan pabalik ng sasakyan. Nang nakabalik na sila sa mansyon, niyaya siya ng lalaki na maupo muna sa hardin. Pumayag siya. Iginiya siya nito sa bench na malapit sa puno ng acacia.

“Alam mo, napaka-magical mo ngayong gabi,”

sabi nito. At hindi na siya nakapalag nang siniil siya nito ng halik.

First kiss! Ramdam na ramdam niya ang paglabas ng mga bituin sa kanyang mga mata at ang pag-ikot ng mga munting pipit sa kanyang ulo. Pero... pero nang lumaon, masyadong naging mapangahas ang mga kamay nito. Kung kanina ay nakayakap, ngayon ay kung saan-saan na napupunta. Napatigil siya nang itinaas nito ang laylayan ng kanyang gown at ipinasok ang kamay upang damhin ang hita niya.

“Josh, huwag!” Pero hindi ito tumigil. Pinilit nitong ibuka ang kanyang mga hita. “Tama na!” sigaw niya ngunit mapilit ang lalaki. Hanggang sa may bumatok dito, si Sir Nelson.

“Ang bata-bata pa ng gago na ’to, pero...”

“Kuya?” ani Josh, sabay kamot sa batok.

Tinitigan ito nang masama ni Nelson, kaya walang nagawa ang nakababatang lalaki kundi ang lumakad pabalik ng kotse.

“Pumasok ka na sa loob, Annie,” seryosong utos ni Nelson bago ito pumunta ng garahe para rin makaalis.

Napaluha siya nang nakapasok na sa kanyang

Dear James Dean - Sefah Mil

kuwarto. Naging trahedya ang kanyang gabi. Kumuha uli siya ng isang stationery at nagsulat.

February 28, 2000

Dear James Dean,

Ba't ang sama mo?

Taka

2

Pagkalipas ng tatlong taon...

Napapaluha si Anita habang tinitingnan ang larawan nila ni Rowan. Kaka-break lang nila nang nagdaang araw dahil nakita niya sa *SM Manila* na may kaakbay na ibang babae ang nobyo. Kaklase niya ito sa kolehiyo kung saan siya pinag-aral ni Sir Nelson. Nasa ikalawang taon na siya ngayon sa kursong Business Administration at bigo na naman siya sa pag-ibig. Ikalawang kabiguan niya ito pagkatapos ng nangyari noong gabi ng JS Prom dahil sa ginawa ni Josh sa kanya.

Naalala niya tuloy si James Dean. Matagal na siyang hindi nakasulat dito dahil hindi na ito sumagot pa sa huling sulat niya. Sinabi ni Ma'am Feliciano na hindi raw si Josh si James Dean. Dahil hindi makakarating ang lalaki, kaya kinausap na lang nila si Josh na maging date niya.

Hanggang ngayon ay nahihiwagaan siya kung sino nga talaga ang nasa katauhan ni James Dean. Ang malaki niyang hinala ay si Keith na nasa Britanya na rin ngayon nag-aaral. Siguradong dito siya ipapares ni Ma'am Feliciano dahil ito ang kanyang kaedad, at

Dear James Dean - Sefah Mil

tinutukso kasi ito ng mga tao minsan sa kanya.

Malungkot siya ngayon at kailangan niya ng mahihingahan. Wala naman sigurong problema kung susulatan niyang muli si James Dean.

June 18, 2003

Dear James Dean,

Kamusta ka na? Long time no hear, ah. Na-miss kita, alam mo ba 'yon?

Sorry kung nang-aabala ako, malungkot po kasi. Ang boyfriend ko kasi, kinaliwa ako. Ang masahol, mukhang pusa pa 'yong tinalo niya. Nakakainis nga, eh, ayaw akong tantanan. Nandito nga kanina sa boarding house, gusto akong kausapin.

Pero ayaw ko na talaga.

Hugz,

Taka

Nilagyan niya ng address ng *Hacienda Marcelino* ang sobre at hinulog niya ang sulat sa post office. Hindi niya alam kung sino ang tatanggap nito. Siguro

Dear James Dean - Sefah Mil

si Ma'am Feliciana.

Dalawang linggo ang nagdaan at may natanggap siyang sulat galing hacienda. Computer printed pa rin ito.

June 28, 2003

Taka,

Sabihin mo lang kung ginugulo ka muli ng boyfriend mo d'yan.

James Dean

June 30, 2003

Dear James Dean,

Nandito na naman siya kanina at humihingi ng second chance. Actually, third chance na dahil nakita ko rin 'yan noon na may kasamang ibang babae. Pinatawad ko lang.

Hugz,

Taka

Nang sumunod na linggo, dumating si Ma'am Feliciano sa kanyang boarding house at nagsabing lilipat daw siya ng matutuluyan.

“Binasa n’yo naman po ba ang sulat?” tanong niya rito.

“Anong sulat?” Seryosong napapatanong ang mukha ng matanda. “Pinapalipat ka ni Nelson, kaya ako pumunta dito.”

“Ha? Bakit?”

“Para mas tipid, doon ka titira kina Armand. Alam mo naman kung gaano kakuripot ang Kuya Nelson mo.”

Natahimik siya dahil ayaw niyang makitira kina Armand. Siguradong aalilain siya. Pero wala naman siyang magagawa dahil ang nagpapaaral ang nagsabi na lumipat siya.

Nag-ayos na lang siya ng mga gamit, nagpaalam sa mga boardmates at lumipat doon sa subdivison kung saan nakatira sina Armand. Bungalow ang bahay na may limang kuwarto. Ibinigay sa kanya ang isang silid sa tabi ng kuwarto ng katulong.

Tama nga dahil nang umalis na si Ma'am Feliciano

Dear James Dean - Sefah Mil

upang bumalik sa hacienda ay inumpisahan na siyang alilain ng magkapatid. Pinagbintangan pa siyang kumuha ng school report ni Miguel. Ano naman ang gagawin niya sa school report ng binata gayong Nursing ang kinukuha nitong kurso at Business Administration nga ang sa kanya. Pagkatapos, nang umuwi siya nang medyo late dahil nag-research pa siya sa library, inakusahan siya ni Armand na baka raw may ka-date siya kaya gabi na siya nakauwi.

July 25, 2003

Dear James Dean,

Grabe talaga ang magkapatid na ito. Wala nang ginawa kundi sirain ang araw ko. Tama ba 'yon na pagalitan ako dahil na-late ako ng uwi? Alas diez lang ng gabi 'yon. Hello, hindi po ako nakipag-date. May ginawa po ako sa library.

Hugz,

Taka

Ilang araw ang lumipas bago nakatanggap ng sulat si Anita mula sa lalaki. Ikinatuwa niya iyon dahil akala niya ay hindi siya makakatanggap ng

Dear James Dean - Sefah Mil

sagot mula rito.

August 4, 2003

Taka,

*Bakit ba naman mga alas diez ka na nakauwi?
Hindi na disenteng uwi ng dalaga 'yon. May bukas
pa bang library nang ganoong oras?*

James Dean

August 15, 2003

Dear James Dean,

*Hello? Alas nueve po ang sarado ng library.
Ang bahay nina Armand ay nasa Quezon City, ang
University Belt ay nandito sa Manila. Siyempre,
traffic. Natural na gabihin ako ng uwi, ano!*

Taka

August 28, 2003

Taka,

'Yon nga ang punto ko! Ang layo ng bahay n'yo

Dear James Dean - Sefah Mil

sa school, pero nagbababad ka doon ng ganoong oras. Paano kung may mangyaring masama sa 'yo diyan? Alam mo namang Maynila 'yan!

James Dean

September 16, 2003

Dear James Dean,

In short, parang sinasabihan mo rin akong huwag mag-aral! Ah, plano ko nga sanang sumali sa contest sa school namin for Miss Business Administration. At kung mananalo, ako 'yong magiging panglaban ng college namin for Miss Campus Personality. Sa tingin mo ba papayagan ako ni Kuya Nelson? Siyempre alam mo 'yon, gastos!

Hugz,

Taka

Pagdating ng semestral break, uuwi sana si Anita sa hacienda para kausapin si Sir Nelson, subalit inimbata siya ng kaibigang si Lani sa Palawan at all-expenses paid pa kaya napadpad siya sa islang iyon.

Hihintayin na lang niya ang Pasko para makauwi sa hacienda. At nang nalaman naman ni Armand ang plano niyang pagsali ay parang inahing manok na nagputak-putak ito.

“Ano’ng sabi ni Akang na sasali ka raw sa contest?” tanong nito sa magaspang na boses. “Sa tingin mo ba gagastusan ka ni Nelson? Sa kuripot niyon.”

Hindi siya sumagot. Hindi naman kuripot sa kanya si Sir Nelson. Sa magkapatid lang dahil maraming bisyo ang mga ito. At hello, beinte-cuatro na ang edad ng isang ito, pero hindi pa rin maka-graduate sa kursong Political Science dahil sa sobrang pag-gimmick. Binalaan nga ni Nelson ang pinsan na kapag umabot na ito sa edad na twenty-five at di pa rin makapagtapos ay patitigilin na ito sa pag-aaral.

Pero hindi talaga siya tinantanan ni Armand lalo na nang may umakyat ng ligaw sa kanya na varsity player ng basketball ng kanilang universidad. Inutusan siya nitong plantsahin ang pantalon nito. Hindi ba ito makapili ng oras? Matagal na niyang crush ang manlalaro na iyon pagkatapos kung kailan nagsimula na itong manligaw, sisirain naman ng batugan. Sinabi niya kay James Dean ang mga hinanakit niya.

Dear James Dean - Sefah Mil

November 12, 2003

Dear James Dean,

Tama ba 'yon na ipahiya ako ni Armand sa harap ng manliligaw ko? Naman! Matagal ko nang pinangarap na ligawan ako ng crush kong basketball player sa school at ngayong nandito na sa mga palad ko ay sisirain naman ni Armand. Buwisit talaga!

Hugz,

Taka

November 22, 2003

Dear Taka,

Katatapos mo nga lang sa isang relasyon at heto ka na naman! Bakit hindi na lang pag-aaral ang atupagin mo? And don't you dare join that contest. Pagtitinginan ka ng mga lalaki while parading around in swimsuit.

James Dean

Dear James Dean - Sefah Mil

December 4, 2003

Dear James Dean,

Kaibigan ka ba? Bakit si Armand ang kinakampihan mo? Alam mo ba kung ano ang ugali niyan? Masama! As in super sama... And it's a school competition kaya walang swimsuit.

Taka

Dahil nabuwisit siya kay James Dean, hindi niya nilagyan ng 'Hugz' katulad ng kanyang nakagawian kapag sumusulat siya rito. At may napansin siya sa liham ng lalaki, 'Dear Taka' ang ginamit nito sa halip na 'Taka' lang. Kahit kinilig, umiral pa rin ang pagkabuwisit niya rito.

3

Ikatlong linggo ng Disyembre ay dumating si Ma'am Feliciana sa bahay nina Armand para sunduin si Keith sa airport dahil sa hacienda magdidiwang ng Pasko ang binata. Isinama siya nito sa airport at isang guwapong Keith ang kanilang nabungaran sa exit. Lalo itong tumangkad at binatang-binata na.

Tinakbo ito ni Feliciana at niyakap. "Ang guwapo-guwapo ng baby ko!"

Yumakap din siya rito at humalik sa pisngi nito.

"Kamusta ka na, Annie?" tanong ng lalaki.

"Mabuti."

"Nag-chat kami once ni Miguel at sabi niya marami raw nanliligaw sa 'yo?"

"Marami rin," sabi niya, sabay tawa.

Kumain muna sila sa isang restaurant sa airport bago sila dumerecho sa condo unit ng mga Marcelino sa Alabang. Dito nga sana siya papatirahin ni Nelson kaso masyadong malayo sa University Belt.

Dahil Christmas vacation, sumama siya sa magtiya

na umuwi sa hacienda. Pagdating doon ay kaagad niyang kinausap ang ina na gusto niyang sumali sa beauty contest sa kanilang paaralan. Excited naman ito, kaso nga ang problema ay gastusin. Kailangan niya talagang kausapin si Sir Nelson, pero hindi niya alam kung paano iyon gawin. Baka singhalan siya nito dahil nga pera ang kanilang pag-uusapan.

Nag-ipon muna siya ng lakas ng loob bago nilapitan si Nelson na kasalukuyang nakatayo sa lilim ng puno ng acacia. Tinitingnan nito ang mga ginagawa ng mga trabahador sa maisan. Ito na kasi ang namamahala sa *Hacienda Marcelino* pagkatapos nitong mag-graduate ng kolehiyo. Nataon pang dalawang araw makalipas nitong makuha ang diploma sa kursong Abogasya ay pumanaw si Don Domeng.

“Sir Nelson,” tawag niya rito para makuha ang atensyon ng lalaki.

“O, nandito ka pala, Annie. Hindi pa kita nakita sa bahay, ah.” Medyo tumanda ang mukha nito sa kabibilad sa araw pero guwapo pa rin. Simple lang ang morenong hitsura nito, ngunit napakalakas ng personalidad at napakatangkad kaya madaling mapansin.

Iniabot niya rito ang isang box ng *Krispy Kreme*

Donuts.

Napangiti ang lalaki at nagpasalamat sa kanya.

Matagal bago siya nakapagsalita. “May sasabihin po sana ako sa inyo.” Naghintay ito. “Kasi po sasali sana ako sa beauty contest ng college namin.”

Hindi sumagot si Nelson. Kumuha lang ito ng donut at kumain.

Dahil mukhang wala itong intensyon na magsalita, magalang siyang nagpaalam. Dumerecho siya sa kuwarto niya sa tabi ng kusina sa loob ng mansyon at umiyak. Kumuha siya ng papel at kaagad na nagsulat.

December 17, 2003

Dear James Dean,

I hate Sir Nelson. I really hate him! Napaka-cold-hearted niya, kaya siguro walang girlfriend na makakatiis sa kanya dahil masama ang ugali.

Hugz,

Taka

Ibinalik niya ang 'Hugz' tulad ng nakagawiang paggamit bilang closing sa liham. Pagkatapos ilagay ang sulat sa sobre, naghilamos siya at nag-utos sa batang pinsan na naglalaro sa labas na ihulog ang sulat sa post office. Binigyan niya ito ng pera para sipagin.

Nakasalubong naman niya si Ma'am Feliciano na suot ang mahabang lilang bestida na kay seksi at nagtanong ito kung bakit parang umiyak siya. Ikinuwento niya sa matandang dalaga ang plano na pagsali sa *Miss Business Administration*.

"Mamma Mia! Tootoo?" excited na sabi nito. "Bakit hindi mo agad sinabi sa akin? Naku, dapat makabili tayo ng magandang gown! At saka may talent ka naman. Sa February na 'ika mo 'yun? Dapat pinaghahandaan na natin ngayon 'yan... Naku! Dapat manalo ka para makasali uli sa *Miss Campus Personality*! Tutulungan kitang makumbinsi siya."

Hinintay nilang makabalik si Nelson sa mansyon at makapasok sa study bago siya kinaladkad ni Ma'am Feliciano papunta roon.

"Nelson, payagan na natin ang bata," pagmamakaawa nito.

"Bakit hindi na lang ang pag-aaral ang atupagin

ni Anita?”

“Hindi naman p’wedeng puro pag-aaral lang ang atupagin ng bata. Siyempre, kailangan niya rin ng mga sash at plake. Dati na siyang kinuha para lumaban para sa bayan natin, hindi ka rin pumayag.” Imbyerna talaga ang matandang dalaga. Enjoy kasi talaga itong maging stage mom.

Tumingin si Nelson sa kanya. “Ano ba ang makukuha mo sa pagsali doon, Anita?”

“Experience po. Para kapag magkaanak ako ay masabi ko naman sa baby ko na... ‘Anak, sumali si Mama noon sa beauty contest.’”

Natahimik ito sa kanyang tinuran at nabawasan ang pagkaseryoso ng mukha.

“Sige na po, Sir Nelson.” Hindi niya maiwasang mangarag ang boses at mapaiyak.

Napaduko ang lalaki.

“Tahan na, Annie.” Niyakap siya ni Ma’am Feliciano. Bumulong pa ito sa kanyang tainga, “Umiyak ka pa nang matagal para makumbinsi.”

Medyo nilakasan niya ang kanyang hikbi.

“Sige na nga,” sabi ni Nelson sa galit na boses.

Dear James Dean - Sefah Mil

“Totoo po?” Sa tuwa ay napatakbo siya sa lalaki at napayakap.

Inilayo naman siya ni Ma’am Feliciana sa pamangkin habang binibigyan ito ng masamang tingin. At hindi na nagsayang ng oras ang matandang dalaga. Kaagad nitong pinakuha ang sasakyan para makapunta sila kay Bakla Akong para magpaturo ng pagrampa. At nang nakauwi, kaagad siyang kumuha ng stationery para makasulat kay James Dean.

December 17, 2003

Dear James Dean,

Babawiin ko na ang sinabi ko about Sir Nelson. I love him so much kasi nga pumayag siya na sumali ako sa Search For Miss Business Administration. I’m so excited! Sana manalo ako! I love Sir Nelson! I love Sir Nelson! Yeah!

Hugz,

Taka

Dear James Dean - Sefah Mil

December 18, 2003

Dear Taka,

Hindi ko talaga maintindihan ang mga babae kung bakit gustong-gustong sumali sa mga ganyan. At ano ang naririnig ko na halos hindi ka raw kumakain? 'Yan ang pinakaayaw ko sa lahat. Sa ngalan ng pagpapaganda, papatayin ang sarili.

James Dean

December 19, 2003

Dear James Dean,

Hello? Hindi naman puwedeng rarampa ako doon na bundat 'yong tiyan ko, ano! I lost three inches from my waist. Huwag mong itsismis, ha? Umiinom ako ng slimming pills na binili ko sa Tutuban. It's so effective. Isang linggo pa lang ang paglaktak ko, I lost two kilos na agad. Can you imagine that? I'll kill you kapag lumabas ito. Ikaw lang ang pinagsabihan ko.

Hugz,

Taka

Dear James Dean - Sefah Mil

December 21, 2003

Dear James Dean,

Nawawala ang bote ng slimming pills ko gayong sigurado akong inilagay ko 'yun sa box sa CR. I really, really swear! May kinalaman ka ba? May pinagsabihan ka, ano! Patay ka sa akin! Hahanapin kita at papaduguin ko ang ilong mo! Lintek lang ang walang ganti!

Taka

Hindi na naman niya nilagyan ng 'Hugz' ang kanyang liham dahil naiinis siya sa kanyang penpal. Hindi talaga puwedeng basta lang mawala ang bote ng slimming pills dahil sigurado siya kung saan niya inilagay iyon. Si James Dean siguro ang kumuha. Pagkatapos madiligan ang hardin, hinanap niya si Ma'am Feliciano para tanungin kung sino si James Dean.

“Bakit?” tanong nito na nagpapabunot ng puting buhok sa katulong sa terrace sa ikalawang palapag.

“Wala lang. Gusto ko lang siyang kausapin nang personal.”

“Eh, di tanungin mo kung sino siya. Hindi ko siya

puwedeng itsismis.”

Siguradong hindi naman talaga sasabihin ng matandang dalaga kung sino si James Dean, kaya tinanong niya ang lahat ng katulong ng mansyon kung sino ang tumatanggap ng sulat para sa penpal niya. Walang sulat daw na dumadating sa hacienda para sa lalaking ganoon ang alias. Paano kaya nangyari iyon gayong ang hacienda ang inilalagay niyang address sa lahat ng mga sulat? Wala na siyang pag-asa kaya pinuntahan niya kung sino ang tingin niya ay si James Dean—si Keith!

Nakaupo ang lalaki sa likuran, sa lilim ng isang puno ng acacia at nagbabasa ng libro. Iniwan nito ang binabasa at tumingin sa kanya.

“Ikaw ba si James Dean?” derechong tanong niya rito, sabay bigay ng masamang tingin.

Nag-isip muna ito bago sumagot. “Hindi. Paano namang maging ako, eh, sa London ako nag-aaral?”

“Talaga? Marunong kayang mag-computer si Ma’am Feliciana. Isang scan lang at email at siguradong makakarating na ’yon sa ’yo.”

“Malay ko.” Nakipagtitigan siya rito at dahil unang nagbaba ng tingin ang lalaki, hindi na siya nagpaligoy-ligoy. “Nas’an ang bote?”

“Anong bote?” Napakamot ng ulo si Keith.

“Ang bote, Keith, bakit mo kinuha? Kailangan ko ’yon kaya ibigay mo! Hindi kita tatantanan hangga’t hindi mo iyon ibinibigay.”

“Wala sa akin ang bote,” paliwanag nito. “Hindi ko alam kung ano ang pinagsasabi mo.”

“Sinungaling!” Galit na siya.

“Keith!” May tumawag sa binata. Si Nelson iyon at papalapit sa kanila.

Kaagad siyang napaatras. Dapat hindi malaman ng bagong dating ang tungkol sa slimming pills at baka bawiin nito ang pagpayag sa pagsali niya sa beauty contest.

“Natapos mo ba ’yong pinapagawa kong file sa ’yo?” tanong ni Nelson sa nakababatang kapatid.

“Opo, naka-save doon sa *My Documents*.”

Tumingin ang kuya nito sa kanya. “Annie, ihanda mo nga ’yong dala kong litson at chopsuey doon sa lamesa sa gazebo. Damihan mo ang kanin. ”Tapos, maglagay ka ng dalawang pinggan.”

“Okay po.” Kinuha niya ang isang kilo ng litson at *Tupperware* ng chopsuey sa kusina at inihanda iyon

sa gazebo na nasa gilid ng hardin. Pabalik sana siya sa likod-bahay para muling kausapin si Keith nang makasalubong si Nelson.

“Annie, sabayan mo nga akong kumain doon sa gazebo.”

Tahimik siyang sumunod sa amo. At nang nandoon na sa gazebo, pinaupo siya nito sa kabilang upuan.

“Samahan mo akong kumain,” utos nito.

Patay! Nang makita kung gaano kadami ang litson, parang masusuka siya. “Sige po. Nakakain na ako kaninang tanghalian.”

“Sabi ni Goming, isang kutsara lang ang kinain mo.”

Gusto niya sanang isagot na paki nito kung ilang kutsara ang kakainin niya, ngunit tinimpi niya ang sarili.

Naglagay ng ilang hiwa ng litson ang binata sa kanyang plato at pinuno pa iyon ng kanin.

“Kumain ka, Annie,” utos nito habang nilalagyan ng pagkain ang sariling pinggan.

“Nakakain na po ako kanina, eh.”

“Kain!”

Mahina ang boses nito at napakaseryoso, kaya walang nagawa si Anita kundi ang sumunod dito. Sa totoo lang, hindi niya talaga kayang kumain na sobrang dami dahil sanay siya na ilang kutsara lang. Hindi pa nakakalahati ay tumigil na siya.

“Busog na po ako,” sabi niya.

“Hindi kita gagastusan sa contest na ’yan kung hindi mo uubusin ang nasa pinggan mo.” Sarap na sarap ang lalaki sa pagkain habang naduduwal siya.

“Paano naman po ako mananalo kung mukha akong baboy?” Mainitin ang ulo niya nitong nagdaang araw dahil sa nawawalang bote ng slimming pills, kaya hindi na niya mapigilan ang magsuplada.

“Tumingin ka ba sa salamin, Annie? Mukha ka nang kalansay.”

Nasaktan siya sa sinabi ng kaharap, kaya parang mapapaluha siya. “Excuse me,” sabi niya at tumayo.

“Upo!” mando nito. “Hindi ka makakasali sa contest kung hindi mo mauubos ’yan.”

Napabalik naman siya sa upuan at napaluha.

“Hindi mo na ako madadala sa drama-drama na

'yan.” Tutok na tutok ang atensyon nito sa pagkain. “Kumain ka!”

Walang tigil ang pag-agos ng luha niya habang pinipilit na ubusin ang pagkain, at dahil hindi talaga siya sanay ay napatakbo siya sa pinakamalapit na banyo para ilabas ang nakain. Pinuntahan naman siya roon ni Nelson.

“You’re bulimic, Anita!” sermon nito habang hinahagod ang kanyang likod. “Bakit kasi kailangan mong magpapayat gayong ang payat mo naman?”

“Kasi po...”

Kumuha ito ng tissue at pinunasan ang mukha niya. “Mag-ingat ka nga, Anita!”

Nang nahimasmasan, inalalayan siya nitong makapunta sa kanyang kuwarto at tumawag ng doktor. Binigyan naman siya ng vitamins ng manggagamot at isang referral sa isang dietician sa Maynila.

Isang araw bago ang Pasko, dumating sina Armand at Miguel sa mansyon para dalawin ang kanilang tiyahin. Dumating din ang pamilya Gatchalian at tulad nang dati ay hindi sila nagkatinginan ni Josh. Masyado nga itong nangangayat sa ngayon at ayon

sa mga tsismis na naririnig niya, lulong daw ito sa droga. Nagmemerienda ang magpipinsan sa terrace at tumutulong siya sa paglagay ng juice sa kanilang baso nang nagbida si Armand tungkol sa kanya.

“Si Annie na ’yan kung saan-saan pumupunta.”

Umasim talaga ang mukha niya sa narinig. Wala naman sigurong masama kung gi-gimmick siya minsan. Ang gusto yata ng isang ito ay sa bahay lang talaga siya. Tinatapos naman niya ang trabaho niya bago umalis at isa pa, nililibre naman siya palagi ng mga kaibigan niya sa school.

“At kung sinu-sino pa ang pumupunta doon sa bahay.”

Napatingin ang lahat sa kanya dahil sa sinabi ni Armand.

“Eh, saan ba dapat ako magpapaligaw? Di ba sa bahay?” sagot niya. Hindi na niya kayang tiisin ang isang ito.

“Hayaan n’yo nga si Annie,” kampi sa kanya ni Ma’am Feliciano na nakasuot ng malaking dilaw na buri hat at may peacock feather sa gilid. Nangrindi kanina si Armand pagkakita sa suot ng matanda. “Siyempre, maganda naman talaga ang bata kaya nililigawan.”

Dear James Dean - Sefah Mil

“Mukhang addict ’yong isa,” sabad ni Miguel.

“Artist ’yon, hindi addict!” Ang hirap talaga makisama sa dalawa. Mabuti pa iyong sa boarding house pa siya tumutuloy noon, nakakagalaw siya nang ayon sa gusto niya.

“Hayaan n’yo nga,” ulit ni Ma’am Feliciana. “At least, si Anita ay pumapasok sa Dean’s List. Eh, kayo?”

Hindi nakasagot ang magkapatid.

“Sinu-sino ang nanliligaw kay Anita?” sali ni Nelson sa usapan. “Bakit basta ka nagpapaligaw? Paano kung masasamang-loob ’yon?”

Napailing na lang siya sa mga naririnig. Lahat ay malisyoso. Hindi niya ito pinalagpas na ibuhos ang saloobin kay James Dean.

December 24, 2003

Dear James Dean,

Will you agree na ang daming napakamalisyosong tao sa mundo. Really? Masama ba maging maganda? James Dean, sagutin mo ako, masama ba maging maganda? At saka ’yong slimming pills ko, ibalik mo. Huwag mong ikalat ’yan at baka makita ni Sir Nelson. Patay ako doon

Dear James Dean - Sefah Mil

kung magkataon. Please, pakibalik!”

Hugz,

Taka

December 26, 2003

Dear Taka,

Diyang ka mamatay sa sobrang pagpapaganda na ‘yan. Bakit kung anu-ano ang ginagawa mo sa katawan mo? You’re very beautiful so why can’t you be contented?

James Dean

Pagdating ng Pasko ay may natanggap siyang regalo galing sa lahat. Binigyan siya ni Ma’am Feliciano ng damit, ni Nelson ng libro, ni Goming ng maliit na bag, ng kanyang nanay ng pantalon at ni Keith ng napakalaking teddy bear.

“Keith, salamat,” sabi niya sa lalaki sa batang boses, hinahaplos niya ang kamay ng bear sa mukha nito habang nakaupo sila sa Bermuda grass. Niyaya kasi siya nito na samahan na kumain ng spaghetti.

Dear James Dean - Sefah Mil

Hinawakan nito ang kanyang pisngi, kaya napaatras siya. Masyado naman yatang intimate iyon.

“Ligawan kaya kita, Annie,” sabi nito sa nagbibirong boses.

“Yuck! Parang incest!” tawa niya. “Magkasabay tayong lumaki kaya parang kapatid na kita.”

Mukhang nasaktan ito at bakas iyon sa mukha nito.

“Oy, ano ka ba?” sabi niya sa nagtatampong boses. “Natatandaan mo dati na sabay pa tayong dalawang naliligo doon sa ilog na walang saplot ’tapos paglaki natin, magiging tayo. Kadiri! I swear!”

Napangiti si Keith pero alam niyang nasaktan ito.